Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T DALAWANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-11 NG HUNYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
6. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
7. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
8. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
9. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
10. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad

****

PATOTOO:
Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-22 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-11 ng Hunyo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

KAPASIYAHAN BLG. 101-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Dia)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGSASAISANTABI AT TUMATANGGI SA KAHILINGAN NG SANTA ROSA VETERANS POST NA MAPAHINTULUTANG MAGAMIT ANG BAHAGI NG LOTE BLG. 271 UPANG MAPATAYUAN NG KANILANG GUSALING TANGGAPAN ALINSUNOD SA ITINATADHANA NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 338-'96.

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ay nagpatibay ng isang Kautusang na may Blg. 338 Taong 1996 na nagtatadhana na ang maging gamit ng nalalabing bakanteng lote na nasasakop ng Lote Blg. 271 ay maging esklusibong gamit-pampamahalaang bayan lamang;

SAPAGKA'T, kung papahintulutan ang Santa Rosa Veterans Post na magamit ang bahagi ng loteng pampamahalaang ay magiging taliwas sa itinatadhana ng Kautusang Bayan Blg. 338-'96;

Received: 6-19-97

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagsasaisantabi at tumatanggi sa kahilingan ng Santa Rosa Veterans Post na mapahintulutang magamit ang bahagi ng Lote Blg. 271 upang mapatayuan ng kanilang gusaling tanggapan alinsunod sa itinatadhana ng Kautusang Bayan Blg. 338-'96.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG HUWEBES, IKA-20 NG HUNYO, 1996 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
6. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG,Jr. - Kagawad
7. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
8. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
9. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Di-Dumalo:

1. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 338-'96
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Dia)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATADHANA NA ANG MAGING GAMIT NG NATITIRA PANG BAKANTENG LUPAING NASASAKOP NG LOTE BLG. 271 AY MAGING ESKLUSIBONG GAMIT PANGPAMAHALAANG BAYAN LAMANG.

YAYAMANG, ang Lote Blg. 271, lupaing pag-aari ng Pamahalaang Bayan ay matatagpuan na napakaraming gusali at sa kasalukuyan ay maliit na bahagi na lamang ang natitirang bakante na maaring magamit ng pamahalaang bayan sa hinaharap.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtatalaga at pagtatadhanang maging esklusibong gamit pangpamahalaang bayan na lamang ang natitirang bakanteng lupang nasasakop ng Lote Blg. 271.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-23 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-20 ng Hunyo, 1996.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim